Katolikong Diyosesis ng Saitama Komite ng Pastoral na Pagpapalaganap, Mga kapatid

<u>Tanong: "Ano ang magagawa ng Simbahan sa mga isyu ng Karalitaan at Kapaligiran?"</u>

Noong Enero 1, 2009, "Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan", si Papa Benito XVI ay nagpahayag ng mensahe, "Labanan ang Kahirapan upang Maitatag ang Kapayapaan". Noong Disyembre 10, 2008, ang ika-60 Anibersaryo ng pagtitibay ng Unibersal na Deklarasyon ng Karapatang Pantao, ang Kapulungan ng mga Obispo sa Japan ay nagpahayag ng mensahe, "Paggalang ng Karapatang Pantao ng Lahat".

Dahil ang sinulat sa mga mensahe ay patungkol sa mga pandaigdigang isyu, maaring ang mga isyu ay parang hiwalay sa atin. Subalit, kung tingnan natin ang ating palibot, makikita natin na ang mga istelo ng ating buhay ay nakakaapekto sa kapaligiran at ang pagkalugmok ng kapaligiran ay nakakaapekto sa ating buhay.

Dahil sa pang-ekonomiyang krisis na nagmula sa Amerika sa nakaraang taon, maraming migrante na miyembro ng Simbahan ay nakaharap sa sitwasyon sa pagtanggal sa kanilang trabaho. Mayroon din sa mga kapatid natin sa Asya, na ating nakatagpo sa pamamagitan ng mga programa, "Mga Alay mula sa Hapag ni Hesus", marami ang nakikibaka sa kahirapan.

Angdalawang isyu ng "Karalitaan" at "Kapaligiran" ay mga problema na hinaharap ng ating mga kapatid sa bawat araw ng kanilang buhay at sa buhay ng ating Simbahan. Ang ating buhay ay hindi hiwalay sa mga pandaigdigang isyung ito. Para sa ating maliit na Simbahan, ang mga malalaking isyu ay hindi ang klase na tayo lamang ang aako. Subalit, kahit tayo ay maliit na Simbahan lamang, hindi natin maiwasan ang mga isyung ito. Ang dahilan kung bakit hindi tayo makaiwas ay dahil ang mga problema ng karalitaan at kapaligiran ay problema ng buhay at ito ay patungkol sa karapatang pantao. Tayo, bilang Simbahan, dapat gawin ang makakaya. Si Papa Benito XVI ay tinapos ang kanyang "Mensahe ng Kapayapaan" sa mga katagang ito:

"Ipinaabot ko sa bawat disipulo ni Kristo at sa bawat tao na may mabuting hangarin ang mainit na paanyaya na palawakin ang kanilang mga puso upang matugunan ang mga pangangailangan ng maralita at gawin ang mga praktikal at posibleng hakbang upang matulungan sila. Ang katotohanan ng kasabihan ay hindi maaring pabulaanan: "labanan ang karalitaan upang maitatag ang kapayapaan".

Kaya ipinahayag ko ang mga katanungang ito sa Katolikong Diyosesis ng Saitama Komite ng Pastoral na Pagpapalaganap:

Tema: "Ano ang magagawa ng Simbahan sa mga isyu ng karalitaan at kapaligiran?"

1. Alamin ang tungkol sa mga problema ng karalitaan at ng kapaligiran.
2. Bilang Simbahan at mga Kristiyano, i-klaro kung ano ang mga konkretong bagay na magagawa natin ukol sa mga problema ng karalitaan at ng kapaligiran.
3. Gumawa ng mga mungkahi galing sa mga naklaro at kongkretong mga kuro-kuro sa No. 2 na nagbigay sa atin ng mga paraan na maaring akuin ang mga isyu bilang isang parokya, block at bilang isang diyosesis.

Enero 18, 2009
Katolikong Diyosesis ng Saitama
Obispo Tani Daiji